# SUPPLEMENTAL LESSONS

## Filipino Baitang 2
## Ikatlong Markahan

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

## Aralin 1: Mga Panuto

**A. Panimula**

Magbabalik-aral tungkol sa naunang aralin. Magtanong kung sino sa mga mag-aaral ang marunong gumawa ng bangkang papel.

**B. Katawan**

**1. Mga Kasanayang Pampanitikan**

Ang mga panuto ay mga panuntunang ating sinusunod upang maging gabay sa matagumpay na pagsunod at pagsasagawa ng isang gawain.

Pakikinig: Basahin ang mga panuto sa paggawa ng bangkang papel.

a. Kumuha ng isang *bond paper*.

b. Itupi ito nang pahalang sa gitna.

c. Muling itupi sa gitna nang pahaba naman upang magkaroon lamang ng magkaparehong sukat ang dalawang bahagi ng papel.

d. Itupi ang kaliwa at kanang bahagi ng dulo ng papel papunta sa gitna. Magtatagpo sa gitna ang dalawang dulo.

e. Itupi ang ibabang bahagi ng papel sa magkabilang panig. Itiklop na paloob ang dulo upang makabuo ng tatsulok na hugis ang papel.

f. Ibuka ang papel upang magkahugis parisukat.

g. Itupi nang pabukas sa magkabilang panig upang magkaroon uli ng hugis tatsulok.

h. Ibukas muli ang papel upang magkahugis parisukat.

i. Muling itupi ng pabukas sa magkabilang panig upang magkaroon uli ng hugis tatsulok.

j. Hilahin pabukas ang magkabilang dulo ng papel na nasa loob. Nakabuo ka ng bangkang papel.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan

**Pamantayang Pagganap:**

Nakasusunod sa panuto at nakapagbibigay ng panuto

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nakasusunod sa napakinggang panuto
2. Nakasusunod sa panutong nakalimbag

Mga Gabay na Tanong:

a. Ano-ano ang hakbang sa paggawa ng bangkang papel? Alin ang unang hakbang? Ang sumunod?

b. Ano ang panghuling hakbang? Nakabuo ka ba ng bangkang papel?

**2. Kasanayang Panggramatika**

Ipaalam ang iba't ibang salita o ekspresyon na ginagamit sa pagbibigay ng pagkakasunod-sunod ng panuto.

Sabihin na sa pagbibigay ng panuto, gumagamit ng mga salitang *una*, *pangalawa*, *susunod*, *pagkatapos*, *sa huli*, *sa wakas*, at iba pa.

Pagkatapos, maaaring magpabuo ng grupo upang magtulungan ang mga mag-aaral na gumawa ng sarili nilang panuto tungkol sa isang laro, paggawa ng origami, pagluluto, o iba pang bagay na kaya nilang ipagawa sa mga kaklase. Maaaring ipasulat o kaya nama'y magkaroon ng oral na presentasyon.

**3. Pagpapayaman**

Muling magdikta ng isang panuto upang sundan ng mga mag-aaral upang masanay sila sa pakikinig at pagsunod sa napakinggang panuto.

a. Isulat sa kanang bahagi ng inyong papel ang petsa sa araw na ito at sa kaliwang bahagi naman ay ang inyong buong pangalan.

b. Gumuhit ng parihaba. Sa loob ng parihaba, isulat ang buong pangalan ng inyong guro.

c. Sa paligid ng ginawa mong parihaba, gumuhit ng anim na bilog. Sa loob ng mga bilog, sumulat ng pangalan ng iyong mag-aaral.


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

d. Kulayan ng kulay asul ang lahat ng bilog na iginuhit at pula naman ang ibang hugis na iyo ding iginuhit.

e. Bilangin ang lahat ng letra na makikita mo sa iyong papel. Matapos bilangin, isulat ito sa kanang ibaba ng iyong papel.

**4. Pagpapalawig**

Ipabasa sa mga mag-aaral ang tektso upang unawain ang kuwento. Pagkatapos, ipagawa ang panutong nakasulat.

**Mga Kulay ng Bahaghari**

Pula, dalandan, dilaw, berde, asul, tina, lila—iyan ang mga kulay ng bahaghari sa wastong pagkakasunod-sunod. Nakikita natin ang bahaghari pagsikat ng araw pagkatapos ng isang biglaang ulan o kung sumisikat ang araw at umaambon-ambon. Sa paglalagos ng sinag ng araw ay mumunting patak ng ulan, ang mga kulay ng liwanag ng araw ay naghihiwa-hiwalay kaya nakikita natin ang mga kulay ng bahaghari.

a. Gumuhit ng kahon. Sa loob ng kahon isulat ang pamagat ng kuwento.

b. Isulat ang mga kulay na bumubuo sa bahaghari sa wastong pagkakasunod-sunod.

c. Isulat sa loob ng tatsulok ang bilang ng mga kulay sa bahaghari.

d. Isulat ang salitang nagsasabi kung ano ang nangyayari sa mga kulay ng sinag ng araw kapag naglalagos ang mumunting patak ng ulan.

e. Gumuhit ng bahaghari at kulayan nang naaayon sa kuwentong binasa.

C. **Kongklusyon**

1. **Pagpapahalaga**

Pag-usapan sa klase kung ano ang magandang naidudulot ng pagsunod sa panuto at ang maaaring hindi magandang maidudulot ng hindi pagsunod sa panuto.

2. **Takdang Aralin**

Gumawa ng iyong sariling panuto sa paggawa ng isang gawaing-bahay.



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

## Aralin 2: Pagsulat ng Talata na may Wastong Baybay, Bantas, at Gamit ng Maliit at Malaking Letra

**A. Panimula**

Bilang pagganyak, magpaskil ng isang halimbawa ng isang talatang isinulat ng isang mag-aaral. Maaaring mali ang ilagay na bantas. Maaari ding walang bantas na ilagay sa dulo ng isang pangungusap. Gawing mali din ang pagsulat ng malaki at maliit na titik sa umpisa ng pangungusap at pangngalang pantangi.

Pagkatapos, itanong sa mga mag-aaral, ano ang nakikita ninyong mali sa inyong binabasa? Susubukang itama ng klase ang talata.

**B. Katawan**

**1. Kasanayang Pampanitikan**

Matapos itama ang isang talata, magpakita ng isang sanaysay na binubuo ng tatlong talata. Ito ang gagawing modelo sa pagsulat ng sariling talata ng mag-aaral.

***Banana cue***

Nakakain ka na ba ng *banana cue*? Ito ay gustong-gustong meryenda ng mga kabataan noon hanggang ngayon. Sa lahat halos ng mataong daan ay may makikita kang nagtitinda ng *banana cue*. Pilipinong-pilipino ang ang malambot, malinamnam, at matamis na saging na niluto sa mantikang may asukal.

Maaari ka ring gumawa ng *banana cue* sa iyong tahanan. Maghanda ka ng isang boteng mantika, isang piling ng hinog na saging na saba, isang kilong asukal o panutsa, at ilang patpat o *banana cue stick* na panuhog.

Talupan mo ang mga saging na saba upang ihanda sa pagpiprito. Pakuluin mo ang mantika sa kawali. Ihulog na sa kumukulong mantika ang

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pagbasa at pakikinig

**Pamantayang Pagganap:**

Pagsulat ng talatang may tamang bantas at baybay ng salita

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nakasusulat ng sariling talatang may wastong baybay, bantas, at gamit ng maliit at malaking letra
2. Nababasa ang batayang talasalitaan

saging. Kung naprito na ito, ihulog na rin ang asukal o panutsa. Haluin nang haluin hanggang ang natunaw na asukal o panutsa ay kumapit sa saging. Hanguin na ito kung kumapit na ang asukal. Upang madaling kainin ang mainit na *banana cue*, tuhugin ito ng patpat o *banana cue stick*. Maaari ka nang kumain kahit naglalakad.

**2. Pagpapalawak ng Talasalitaan**

Ipabasa ang mga parirala sa ibaba. Itanong sa mga mag-aaral ang kanilang pagkaunawa sa mga salitang initiman.

a. **piling** ng saging

b. **kumukulo**ng mantika

c. **tuhugin** ng *banana cue stick*

d. **talupan** ang saging

e. **hanguin** sa kawali

**3. Kasanayang Panggramatika/Wika**

Magbigay sa mga mag-aaral ng lektyur tungkol sa pagsulat ng talata.

Sa pagsulat ng talata, kinakailangang nakapasok sa kanan ang unang pangungusap. Ang unang salita ay nagsisimula sa malaking titik, gayundin ang mga tiyak na ngalan ng tao, bagay, pook, o pangyayari. Kailangan din na gumamit ng tamang bantas ayon sa uri ng pangungusap na ginamit. Mahalaga rin ang tamang baybay ng bawat salita na gagamitin sa pagsulat ng isang talata.

Mula sa talatang ating binasa, ano-ano ang salitang hindi pa pamilyar o bago lamang sa inyong pandinig? Kapag nakababasa kayo ng mga ganitong salita, saan ninyo tinitingnan ang mas mababaw na kahulugan nito?

Paano sinimulan ng mag-aaral ang talata?

Tama ba ang pagkakabaybay ng bawat salita?


Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

Ang pagkakasulat ba ng mga titik ay pare-parehong maliit o malaki? Kung hindi ang iyong sagot, kailan lamang niya ginamit ang malaki at maliit na titik?

4. **Pagpapayaman**

Ipagawa: Lagyan ng tsek (✓) ang patlang kung tama ang sinasabi ng pangungusap at ekis (✗) naman kung mali.

_______ Mahalaga ang bantas sa pagsulat ng talata.

_______ Sa talasalitaan, maaaring malaman ang kahulugan ng mga salitang bago lamang sa pandinig.

_______ Hindi mahalaga ang paggamit ng maliit o malaking titik sa pagsulat ng tula.

_______ Nakapasok ang unang pangungusap sa talata.

_______ Tuldok ang bantas na karaniwang ginagamit sa pangungusap.

C. **Kongklusyon**

Ipagawa: Sumulat ng sariling talata tungkol sa iyong paboritong pagkain.

## Aralin 3: Pagsasalaysay ng Napakingggang Teksto ayon sa Pananaw ng Isang Tauhan

**A. Panimula**

Magbalik-aral mula sa nakaraang aralin. Magpaskil ng larawan hango sa kuwentong babasahin.



**B. Katawan**

**1. Kasanayang Pampanitikan**

Sabihin: Ang mga maikling kuwento ay mga kuwentong naghahatid ng mga mabubuting aral o kagandahang-asal sa mga bata at maging sa mga matatanda.

*Pakikinig:* Basahin sa klase ang akda habang ang mga mag-aaral ay sinusundan ng tingin ang pagbabasa sa kanilang mga kopya.

**May Pagpapala sa Mabuting Bata**

Si Luningning ay isang batang maganda, mabait, at masunurin. Siya ay ulila na sa ina. Ang kanyang ama ay nag-asawa uli sa isang biyuda. May dalawang anak itong babae na halos kasinlaki ni Luningning. Ang ama ay nasa malayong lugar at naghahanapbuhay. Puro pagkukunwari lamang ang ipinapakita ng mag-iina kay Luningning. Nang mapunta sa malayong lugar ang ama ni Luningning ay nagsimula na ang masamang pakikitungo nila kay Luningning.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan

**Pamantayang Pagganap:**

Makapagpahayag ng sariling pananaw at damdamin tungkol sa isang tauhan

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nauunawaan ang napakinggang teksto ayon sa pananaw ng isang tauhan
2. Naipapahiwatig ang nais ipahayag ng bawat pangungusap o kataga sa napakinggang teksto



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

Sa tuwing naririnig niya ang tawag ng kaniyang madrasta na "Luningning, halika nga rito, madali!" siguradong may iuutos ito.

Kaawa-awa naman ang batang si Luningning. Pagod na pagod sa maghapong paggawa sa mga gawaing-bahay. Isang araw ay lumabas ang mag-iina upang mamasyal. May nakita silang batang babae na marumi at punit-punit ang damit. Nanghihingi ito ng limos ngunit hindi ito binigyan ng mag-iina. "Maawa na po kayo, maaari po bang makahingi ng pagkain? Gutom na gutom na po ako," pagmamakaawa ng bata. "Lumayo ka sa amin, wala kaming maibibigay sa iyo," ang masungit na sabi ng madrastang si Imelda. "Sa iba ka na lang humingi ng pagkain," ang sabi ni Grisela, ang panganay na anak ng madrasta ni Luningning. "Oo nga. Hmmp, ang baho at dumi mo pala," sabi naman ni Criselda na bunsong anak ng kaniyang madrasta. "sa iba ka na lang humingi ng pagkain," dagdag pa nito. Si Luningning lamang ang nagbigay ng limos. Laking gulat ni Luningning ng biglang maging diwata ang batang pulubi. Bilang kaparusahan ay ginawang uwak ng diwata ang mga mag-iina at namuhay ng masaya at masagana si Luningning kapiling ang kanyang ama.

Sipi mula sa *Tuklas* nina Remedios Infantado-Camo
at Maribel De Castro-Dulay

2. **Pagpapalawak ng Talasalitaan**
   a. ulila – walang magulang
   b. pulubi – nanghihingi ng limos
   c. uwak – ibon na kulay itim
   d. biyuda – namatayan ng asawang lalaki
   e. diwata – diyosa

3. **Pagpapayaman**
   a. Upang matiyak ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa binasa/narinig na kuwento, ipasagot ang sumusunod:
      - Ano-ano ang ginagawa ng mag-iina kapag wala ang ama ni Luningning?
      - Ilarawan ang batang pulubi.

- Ano ang ginawa ng mag-iina sa batang pulubi na humihingi ng pagkain?
- Bakit ginantimpalaan ng diwata si Luningning?
- Makatarungan ba na ginantimpalaan si Luningning?
- Kung ikaw ang diwata sa kuwento, anong gantimpala ang iyong ibibigay kay Luningning?
- Kung ikaw naman si Luningning, papayag ka ba sa pagpapahirap ng iyong mga kamag-anak?
- Kung ikaw naman ang bagong asawa ng ama ni Luningning, pahihirapan mo din ba si Luningning?

b. Mga Gawain sa Kuwaderno

Ipagawa: Isulat sa patlang kung sino sa tauhan sa kuwentong binasa ang nagsalita ng bawat kataga.

_______ "Luningning, halika rito, madali."

_______ "Oo nga, ang baho at ang dumi mo pa."

_______ "Maawa na po kayo, maaari po bang makahingi ng kaunting pagkain? Gutom na gutom na po ako."

_______ "Lumayo ka sa amin, wala kaming maibibigay sa iyo."

_______ "Sa iba ka na lang humingi ng pagkain."

c. Pumili ng isa sa mga karakter ng kuwento, ipahayag mo ang iyong damdamin bilang siya. Ipaliwanag mo kung bakit ganoon ang iyong ugali at nararamdaman. Maaaring gawin itong isang monolog o kaya nama'y isang pagsasalaysay.


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

d. Piliin ang mga salita sa kahon na maiuugnay na pahiwatig ng sumusunod na mga pangungusap.

_______ 1. "Luningning, halika rito, madali!"

_______ 2. "Tingnan mo ang batang pulubi, ang dumi-dumi niya."

_______ 3. "Nakikilala mo ako?"

_______ 4. "Para sa amin lang ang baon naming pagkain."

_______ 5. "Naku, kawawa ka naman, eto kainin mo na ang aking pagkain."

| | | | |
|---|---|---|---|
| nag-uutos | nandidiri | nagtataka | maawain |
| nagdadamot | nagpapaubaya | | |

**C. Kongklusyon**

**Takdang Aralin**

Ipagawa: Isulat ang mabuting bagay na nagawa mo at ang pagpapalang nakamit mo.